Petsa ng Pagpasa

**PAHINTULOT NA MAKILAHOK SA PANANALIKSIK**

Pamagat ng Pag-aaral
May Akda/Organisasyon
Paraan ng Pakikipag-ugnayan

**TUNGKOL SA PAG-AARAL**

Ako/Kami/Ang **(may akda)** ay nagsasagawa ng pag-aaral upang (**layunin ng pag-aaral). ** Bago simulan ang pagsagot sa survey ay basahin ang Pahintulot na Makilahok sa Pananaliksik. Kasama rito ang mga layunin, pamamaraan, at tagal ng pananaliksik, anumang makatwirang nakikitang mga panganib at kakulangan ng ginhawa ng pananaliksik, anumang posibleng kapakinabangan, boluntaryong pakikilahok, at kung paano mapapanatili ang pagkakompidensyal ng kalahok.

**I. Mga Layunin, Pamamaraan, at Tagal ng Pananaliksik**

Layunin ng pagkolekta ng impormasyon na ito na **(layunin ng pagkolekta sa impormasyon)**. Ang mga kalahok ay inaasahan na **(pamamaraan ng pag-aaral).** Ang pag-aaral ay tatagal mula **(tagal ng pananaliksik)** sa **(lugar ng pananaliksik).**

**II. Nakikitang mga Panganib at Kakulangan sa Ginhawa**

Ang pagsagot o pakikilahok sa pag-aaral ay walang direktang panganib o negatibong epekto sa mga kalahok o kapaligiran. Maaaring tanggihan ang pagsagot sa mga tanong at maaaring bawiin ang pakikilahok anumang oras.

**III. Posibleng Kapakinabangan**

Umaasa ang Kagawaran ng Edukasyon na ang impormasyon mula sa pag-aaral na ito ay makatutulong sa pagbibigay solusyon sa mga suliranin at pagsisikap na mas mapabuti ang kalidad ng edukasyon.

**IV. Boluntaryong Pakikilahok**

Ang iyong pakikilahok sa pag-aaral na ito ay boluntaryo. Kung magpasya kang lumahok, hihilingin ang iyong pahintulot sa pamamagitan ng patuloy na pagsagot sa form na ito.

**V. Pagpapanatili ng Pagkakompidensiyal**

Ang iyong mga tugon sa form na ito ay magiging *anonymous*. Pananatilihin ng mananaliksik ang pagiging kompidensiyal ng inyong impormasyon, kabilang ang sumusunod:
1.Itatago ang iyong mga file at ang kagawaran at sangkot na mananaliksik lamang ang magkakaroon ng access dito.
2.Hindi ibubunyag ang iyong pangalan maliban kung aprubahan mo ito.
3.Ang iyong mga sagot sa survey questionnaire ay magiging kompidensyal.

**DATA PRIVACY ACT**

Ang impormasyong ibinigay mo sa form na ito ay kinakailangan upang maproseso ang iyong kasagutan. Alinsunod sa Data Privacy Act of 2012, ang personal na impormasyon ay hindi ibabahagi o ipoproseso para sa anumang iba pang layunin nang wala ang iyong pahintulot. Ang iyong boluntaryong pakikilahok sa pagsasakatuparan ng form na ito ay nagpapahayag ng iyong pagpayag para aming maproseso ang iyong impormasyon ayon sa layunin ng pag-aaral na ito.

**IMPORMASYON SA PAKIKIPAG-UGNAYAN**

Ang pag-aaral na ito ay inaprubahan ng Schools Division Research Committee (SDRC) ng Sangay ng Mga Paaralang Panlusod ng Dasmarinas. Kung mayroong mga katanungan o nais linawin ay maaring makipag-ugnayan sa mananaliksik na ang impormasyon sa pakikipag-ugnayan ay nasa unang pahina. Kung mayroon kang anumang mga katanungan tungkol sa iyong mga karapatan o mga problema sa pakikilahok na hindi mo matatalakay sa mananaliksik ay huwag mag-atubiling makipag-ugnayan sa Sangay ng Mga Paaralang Panlusod ng Dasmarinas sa dasmarinas.city@deped.gov.ph o magbigay ng feedback sa https://depeddasma.edu.ph/ccss/.

Nabasa ko ang mga ibinigay na impormasyon o ito ay naipaliwanag sa akin. Ako ay nakapagtanong at nabigyan ng kasagutan. Naiintindihan ko na ako ay bibigyan ng kopya ng survey form na ito kung aking hihingiin. Ako ay kusang-loob na pumapayag na lumahok sa pag-aaral na ito.

______________________________

**Kalahok**
*Lagda sa Ibabaw ng Pangalan*

**PAHINTULOT NG MAGULANG/TAGAPAG-ALAGA**
(Participants Aged 17 and Below)

Ako si (*pangalan ng magulang/tagapag-alaga)*, magulang/tagapag-alaga ng mag-aaral, ay nagbibigay ng pahintulot upang kolektahin at maproseso ang mga sagot para sa pag-aaral na ito. Nauunawaan ko na ito ay susuriin at gagamitin para sa layunin ng pag-aaral na ito.

Sa pamamagitan ng pagsang-ayon at sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga sumusunod na detalye ay nagbibigay ka ng pahintulot sa iyong anak o kamag-anak, na wala pa sa legal na edad, upang makilahok at kumpletuhin ang pagbibigay ng impormasyon sa pananaliksik na ito.

______________________________

**Magulang/Tagapag-alaga**
*Lagda sa Ibabaw ng Pangalan*

**Petsa:** ___________________________________

**Contact No.:** _____________________________

**Email Address:** ___________________________

**Mga Alituntunin sa Paggawa at Pagbabago ng Pahintulot na Makilahok sa Pananaliksik**

1. Ang form na ito ay gagamitin sa mga pag-aaral at pananaliksik na ginagawa sa Dibisyon.
2. Gumamit ng Bookman Old Style font na may laki na 11pt.
3. Ang header and footer sa unang pahina ay hindi dapat alisin o tanggalin. Ang sumusunod na pahina naman ay naglalaman ng pahina sa pinakataas na kanang bahagi ng papel.
4. Ilagay ang kumpleto at wastong mga impormasyon tungkol sa pag-aaral kasama ang pamagat, pangalan ng may akda, at paraan sa pakikipag-ugnayan tulad ng email address.
5. Ilahad ang may akda at layunin ng pag-aaral.
6. Tukuyin ang layunin ng pagkolekta ng impormasyon, pamamaraan nito, at tagal at lugar ng pananaliksik.
7. Ibigay ang buong detalye sa nakikitang mga panganib at anumang posibleng kapakinabangan ng pananaliksik.
8. Ang mga bahagi na ito ay hindi maaaring baguhin sa anumang paraan maliban sa pagbibigay ng impormasyon sa sariling pag-aaral:
   a. Seksyon IV (Voluntary Participation)
   b. Seksyon V (Confidentiality)
   c. Data Privacy Act
   d. Impormayson sa Pakikipag-ugnayan
   e. Pahintulot ng Magulang/Tagapag-alaga
9. Ang Pahintulot na Makilahok sa Pananaliksik ay kailangang ibigay sa mga kalahok o kinauukulan bago ang pagkolekta ng impormasyon.